# ANG PINAKAMAHUHUSAY NA PARAAN NG PAGGAMIT NG AIR CLEANER

**1** Ilagay ang air cleaner nang may layong anim na pulgada (6") mula sa pinakamalapit na gamit kasama pati mga pader. Nakakatulong ito sa pag-intake ng hangin upang mas maraming masagap na hangin ang air cleaner, at mas marami itong makuha at maialis na allergen at usok.

**2** Ilagay ito sa patag na surface gaya ng sahig upang ito ay maging matatag. Tiyaking hindi ito matutumba sa sinuman.

**3** Ang mga air cleaner ay para sa pangloob na paggamit lamang. Dapat isara ang mga bintana at pinto kapag ginagamit ang air cleaner. Kapag nakabukas ang mga bintana at pinto, puwedeng pumasok ang exhaust mula sa mga sasakyan at usok na dulot ng wildfire. Pinakamahusay gumana ang mga air cleaner sa mga kulob na espasyo.

**4** Inirerekomendang ilagay ang air cleaner sa iyong silid tulugan sa gabi, at hayaang nakabukas ito habang natutulog ka. Sa pamamagitan nito, mapapakinabangan ng iyong katawan ang malinis na nasala na hangin sa buong magdamag

**5** Inirerekomendang hayaan lamang na patakbuhin ang air cleaner sa mababang setting (low) sa lahat ng pagkakataon. Kapag naturang ang kalidad ng hangin sa labas na dulot ng usok mula sa wildfire ay nakakasama sa kalusugan, patakbuhin ang air cleaner sa mataas na setting (high). Kahit nasa high ito, matipid pa rin ito sa kuryente at mababang gastos. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kalidad ng hangin at mga wildfire, pumunta sa **http://baaqmd.gov/wildfiresafety.**

**6** Ang ilang panglinis ng hangin ay may feature na tinatawag na mga "ionizer." Ang mga ionizer ay maaaring maglabas ng ozone o ibang mga byproduct na maaaring makairita ng mga baga. Para sa mga panglinis ng hangin na may feature na ionizer, inirerekomenda na i-off ang ionizer. (Ang mga modelong Winix ay may ionizer na tinatawag na PlasmaWave, na dapat i-off. Ang mga modelong Germ Guardian ay walang ionizer.)

Kailangang regular na pinapalitan ang mga filter. Karamihan sa mga purifier ay may pre-filter na kailangang regular na pinapalitan at filter para sa mga particulate sa hangin na may mataas na efficiency (High Efficiency Particulate Air, HEPA) na kailangang pinapalitan nang hindi bababa sa bawat 12 buwan. Basahin ang mga tagubilin ng manufacturer para sa iyong air cleaner. Kapag nagpapalit ng filter, tanggalin ang kurdon ng kuryente sa saksakan, palitan ang filter, at isaksak ito ulit. Pinakamainam na ilabas ang machine para palitan ang filter, para hindi pumasok ulit sa bahay ang alikabok na nakolekta ng filter. (Kailangang palitan ang mga filter ng mga modelong Germ Guardian kada 6 na buwan. Kailangang palitan ang mga filter ng mga modelong Winix kada 12 buwan. Ang Winix 5300-2 ay mayroon ding nahuhugasang pre-filter at carbon filter na kailangang hugasan kada 3 buwan.)

## 7 MGA TIP SA KALIGTASAN

- Kung ang iyong air cleaner ay may tampok na kandado para sa mga bata/alagang-hayop, i-on ito para hindi magalaw ng mga bata at alagang-hayop ang mga setting.
- Huwag magpatong ng mga gamit sa ibabaw ng unit, dahil mahaharangan ng mga ito ang sirkulasyon ng hangin.
- Huwag ilagay ang air cleaner sa isang kulob na silid kung saan may mga naturang gas na puwedeng sumabog, masunog, o nakakalason na gas.

*Mga air cleaner na pinondohan ng*

BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT


MGA HALIMBAWA NG AIR CLEANER:



WINIX A230



WINIX 5300-2



GERM GUARDIAN AC4900CA



GERM GUARDIAN AC5000E